# FERMATA

Filipino Division – Dulang May Isang Yugto

**BUOD**

Namatay ang isang sikat na musikero. Ang anak na si Ben, nilapitan ng established news organization para magsulat ng article tungkol sa pagpanaw ng kanyang ama; isang tribute para sa isang "jazz icon."

Balak gamitin ni Ben ang pagkakataong yun para imbestigahan at ibunyag ang nalalaman niya tungkol sa ama, sa paniniwalang hindi dapat ito parangalan. Ang dula ay tungkol sa pagdalaw ni Ben sa isang kaibigan para pag-usapan ang mga nagawang kasalanan ng ama.

**MGA TAUHAN**

| | |
|---|---|
| BEN | 44, Composer |
| ALEX | 44, Business Owner |

**TAGPO**

Sa isang maliit na jazz bar sa Manila; sa kasalukuyan.

*Sa pagbubukas ng ilaw, makikita sa entablado ang isang bar counter, isang liquor shelf, isang maliit na lamesa, at ilang upuan.*

*Ang bar counter ay nakapuwesto sa UPSTAGE LEFT. Sa harap ng bar counter, may isang bar stool.*

*Sa tabi ng bar counter, sa UPSTAGE CENTER, makikita ang liquor shelf.*

*Sa UPSTAGE RIGHT may gitara na naka-display; nakapatong sa guitar stand.*

*Ang maliit na lamesa nakapuwesto sa STAGE RIGHT. May dalawang upuan sa magkabilang tabi ng lamesa. Sa ibabaw nito may ilang boteng nakakalat.*

*ENTER, ALEX (44). Si Alex nakasuot ng short-sleeved polo na nakapatong sa*

*black shirt. Papasok siya sa entablado na may hawak na maliit na basahan.*

*Pupunta siya sa maliit na lamesa para damputin ang ilang bote; ilalagay niya ang mga 'to sa bar counter.*

*Pupunasan ni Alex ang maliit na lamesa at ipapatong ang magkatabing upuan sa ibabaw nito, dahil balak niyang maglampaso.*

*Kukuha ng maliit na note pad si Alex mula sa bulsa niya sa pantalon at pupunta siya sa liquor shelf para mag-imbentaryo ng natitira pang alak.*

*Habang busy si Alex na nagbibilang ng bote, darating si Ben.*

*ENTER, BEN (44). Si Ben nakasuot ng long-sleeved jacket. Naka-roll up ang manggas ng jacket at sisilip ang ilang tattoo ni Ben sa mga braso.*

*Hindi agad mapapansin ni Alex si Ben; kakatok si Ben sa isa sa mga lamesa para kunin ang atensyon ni Alex.*

ALEX: *(hindi titingin)* Closed na kami.

*Lalapit si Ben kay Alex; nakangiti.*

BEN: Alex!

ALEX: *(makikita si Ben)* Ay pucha... Ben?!

*Magyayakapan ang magkaibigan.*

BEN: Kamusta, pare?

ALEX: Ako? Okay naman ako! Pucha, ikaw ang kamusta?

BEN: *(ngingiti)* Heto, tumatanda.

ALEX: Tara, upo! Inom tayo.

*Ibababa ni Alex ang mga silyang nakapatong na sa maliit na lamesa at pauupuin si Ben doon.*

*Kukuha rin si Alex ng mga baso sa likod ng bar counter at dalawang bote ng vodka.*

ALEX: Okay ka sa vodka?

BEN: Kahit ano, basta may alcohol.

*Uupo sila; magkaharap sa maliit na lamesa. Lalagyan ni Alex ng vodka ang baso ni Ben.*

ALEX: Ang tagal mong nawala a!

BEN: Oo nga e. Pasensya na.

ALEX: Walang problema. Ang importante nandito ka ngayon, 'di ba?

BEN: Nung nabalitaan kong nagtayo ka ng jazz bar, kating-kati talaga kong dumalaw e. Naisip ko ang saya siguro mag-jam.

ALEX: E ba't ngayon ka lang?

BEN: Wala e. Nag-aantay ako ng tamang pagkakataon, pero nung nalibre ako, naisip ko masyado nang late para dumalaw; nakakahiya na.

ALEX: Baka naman masyado ka nang "big time" para sa maliliit na jazz bar?

BEN: Hindi a!

ALEX: O? Pucha, nakita ko sa Facebook kasama mo yung sikat na singer e. Ano pangalan nun?

BEN: Wala yun. Hindi seryoso yun-

ALEX: *(matatawa)* Maganda yun a! Dapat binuntis mo na yun, para pumuti ang lahi mo!

BEN: Wala, gago. 'Di pa ko ready sa ganon. Tikim-tikim muna tayo.

*(saglit)* Pucha! Ikaw nga may bar ka e! Dami mo sigurong chicks dito, 'no?

ALEX: Naku, p're! Late ka na! Retired na ko!

BEN: Ano? Si Alex Rufino mag-reretire sa pangchi-chicks?

ALEX: May asawa na 'ko! Pianista ng isang bandang dumadalaw dito. Ayun. Jam-jam, tapos alam mo na-

BEN: Nabuntis mo, 'no?

ALEX: Gago! *(matatawa)* Pero, "Oo!"

BEN: *(matatawa)* Masaya ka naman?

ALEX: Oo. May baby girl ako sa bahay; six years old. Tapos, yung susunod, lalaki raw sabi ng OB.

*(saglit)* Gusto mong makita pamilya ko, p're?

BEN: Patingin.

*Kukunin ni Alex ang cellphone mula sa bar counter.*

ALEX: *(saglit)* Ito, bro, tignan mo.

*Ilalapit ni Alex ang cellphone kay Ben at ipakikita ang litrato ng pamilya.*

BEN: Ganda ng anak mo, p're. Sakit sa ulo mo 'yan pag nagdalaga na 'yan.

ALEX: *(matatawa)* Kaya nga masaya ko nung nabalitaan kong lalaki yung kasunod; para may bodyguard siya.

*Saglit.*

BEN: Grabe! Bilis ng panahon, p're. Akalain mo may mga anak ka na?

ALEX: Mabilis talaga. Kaya yung mga ganitong pagkakataon, sinusulit na 'to.

*(ituturo ang liquor shelf; pabiro)* Lahat nang yan, putangina, uubusin natin!

BEN: E kung uubusin natin yan, simulan na natin! Cheers sayo, pare, tsaka sa mga anak mo!

*Magto-toast ang dalawa at iinom.*

BEN: *(iaangat ang baso)* Bottomless ba 'to?

ALEX: Oo naman! *(ituturo ang liquor shelf)* Uubusin nga natin lahat yun, 'di ba?

BEN: Joke lang! Joke lang!

ALEX: Gago! Sa 'kin ka pa nahiya?

*Kukunin ni Alex ang bote at uubusin ang natitirang laman nito sa baso ni Ben.*

*Pupunta si Alex sa likod ng bar para itabi ang bote ng vodka na wala nang laman at mag-aayos ng konting kalat dahil may bisitang 'di inaasahan.*

*Habang nasa bar, makikiramay si Alex sa pagkamatay ng ama ni Ben.*

ALEX: Pare, nabalitaan ko pala yung nangyari sa erpat mo. Condolence.

*Tatango si Ben; hindi magsasalita.*

ALEX: Pumunta pala 'ko sa libing.

BEN: Sabi nga ni Mama nandun ka raw.

ALEX: Akala ko nga nandoon ka e.

BEN: *(iiling)* Deins, p're. 'Di ako pumunta.

ALEX: *(chuckles)* Napansin ko nga.

BEN: Sorry, 'tol, 'di ako mahilig sa libing e.

*Iinumin ni Ben ang ilang lagok ng vodka na kakalagay pa lang ni Alex; uubusin ni Ben ang laman ng baso.*

ALEX: *(pabiro)* Wala namang mahilig doon, gago.

*Mapapansin ni Alex na seryoso si Ben at mukhang ayaw niyang pag-usapan ang libing.*

*Matagal na katahimikan.*

*Babalik sa maliit na lamesa si Alex kung saan nakaupo si Ben; babaguhin niya ang usapan.*

ALEX: Alam mo, minsan lang tayo magkita, hindi dapat yan ang pinag-uusapan natin. Change topic tayo.

*Lalagyan ni Alex ng vodka ang baso ni Ben.*

ALEX: Tangina, pare, ang galing mo!

BEN: Ha? Bakit?

ALEX: Gawad Urian! "Best Score!"

*(saglit)* Alam mo, hindi ako fan ng rom-com, pero pinanood ko yun para marinig ang score mo!

BEN: Hindi naman mahirap yung ginawa ko. Baka nga kung ikaw ang gumawa nun mas maganda ang kinalabasan e.

ALEX: Sus!

BEN: Totoo! Kahit dati pa, kahit nung mga bata pa tayo, obvious sa lahat na ikaw yung pinakamagaling sa 'min.

ALEX: Kung meron mang magaling... Pare, erpat mo yun. Magaling magturo ang erpat mo.

BEN: Wala na nga akong maalala sa mga tinuro niya e.

ALEX: Ako, meron.

BEN: O?

ALEX: Pucha may paborito pa nga ako e; yung "fermata."

BEN: Ano nga ulit yun?

ALEX: Musical symbol yun na nilalagay mo sa ibabaw ng nota para ipakita na puwede mo siyang patugtugin na mas mahaba sa normal duration.

BEN: Bakit mo naaalala yun?

ALEX: Kasi astig siya, p're. Kumbaga para kang nabigyan ng kapangyarihan magdesisyon. Pwede kang pumili kung kakapit ka o bibitiw sa tunog.

BEN: Wow. Makata ka na rin ngayon?

ALEX: Dati pa 'kong matalinhaga talaga, p're. Nakalimutan mo na?

BEN: *(pabiro)* Yan siguro paborito mong pickup-line, 'no?

ALEX: *(matatawa)* Pare, mga ganitong katawan, 'di na kailangan ng pickup line.

*Saglit.*

BEN: Fermata.

*(pabiro)* Pupusta ko, p're, isa ka sa mga kumag na halos ayaw bumitaw sa tunog? Mga agaw atensyon, ganyan-

ALEX: Deins. Kabaliktaran ako. Alam ko na pwede kong tagalan, pero di ako ganung klaseng tao. Gusto ko tapos na agad! Para maaga uwian!

BEN: E ano point ng fermata kung bibitawan mo agad?

ALEX: Simbulo, p're. Ang dami nating iniisip araw-araw: bills ng kuryente, tubig, renta sa bahay, tapos mababalitaan mo pa patayan, korapsyon, krimen... Puta, nakaka-umay; nakakasuka.

*(saglit)* Kaya minsan pag tumitingin ako sa salamin, ini-imagine ko na may fermata sa ibabaw ng ulo ko, pare. Para maalala ko na may choice ako. Puwede akong kumapit sa galit, puwede kong painitin sarili kong ulo, at sirain ang sarili kong araw, pero puwede rin akong bumitaw.

*Mahabang katahimikan.*

*Iinumin ni Ben ang lamang vodka ng baso niya, tapos kukunin ang bote para muli itong dagdagan.*

*Malinaw ang kaba kay Ben; nag-iipon siya ng lakas ng loob.*

*Mapapansin ito ni Alex.*

ALEX: Easy, pare. May lakad ka ba?

BEN: Hindi, p're. Sarado ka na kasi. Ayoko lang maka-abala.

ALEX: Wag mo isipin yun. Relax lang tayo.

BEN: *(matatawa)* Sorry.

*Mananahimik pareho.*

*May gustong pag-usapan si Ben, pero hindi pa siya handang simulan. Kulang sa buwelo. Masyado pang maaga.*

*Maghahanap si Ben ng puwedeng pag-usapan; titingin sa paligid.*

*Makikita niya ang gitara sa UPSTAGE RIGHT.*

BEN: *(ituturo ang gitara)* Kaninong gitara yan?

ALEX: Sa 'kin, malamang.

BEN: Tumutugtog ka pa pala?

ALEX: *(matatawa)* Ba't ako magtatayo ng jazz bar kung hindi ako tutugtog?

*Kukunin ni Ben ang gitara at iaabot kay Alex.*

BEN: *(ngingiti)* Sample nga.

ALEX: Puta, pare, libre na alak mo, gusto mo haranahin pa kita?

BEN: Sige na.

*Kukunin ni Alex ang gitara.*

ALEX: Ano gusto mo?

BEN: Ikaw bahala.

*Tutugtog si Alex ng ilang blues riffs and licks.*

BEN: *(aasarin si Alex)* Hayop! Ang husay! Walang kupas!

*Magtatawanan ang dalawa.*

ALEX: Gago!

*Ibabalik ni Alex ang gitara sa guitar stand. Habang nandoon si Alex, may itatanong si Ben.*

BEN: Buti nakakatugtog ka pa pagkatapos ng music lessons n'yo ni Dad?

*Tatahimik si Alex. Pag-iisipan ni Alex ang sunod na sasabihin.*

*Itatanong niya sa sarili, "Handa ba 'kong pag-usapan 'to?"*

*Hindi pa alam ni Alex kung handa siya, kaya't ibabalik ni Alex ang tanong kay Ben.*

ALEX: Ba't naman ako titigil?

*Ang tanong ay hamon kay, Ben.*

*Parang sinasabi ni Alex, "Gusto kong sabihin mo ng diretso ang gusto mong pag-usapan."*

*Babaguhin ni Ben ang usapan.*

BEN: Last weekend pala, may reporter na tumawag sa 'kin. Tinanong ako kung puwede raw akong sumulat ng article tungkol kay Dad para sa kanila. Sabi nila, "to further cement his legacy as a jazz icon."

*Nang sabihin yun ni Ben, mararamdaman ni Alex na puwede na siyang lumapit muli; wala na ang panganib.*

ALEX: *(nods)* Ayus. Ano sabi mo?

BEN: Sabi ko, pag-iisipan ko.

*Tatayo si Ben at maglalakad-lakad sa DOWNSTAGE LEFT. Hindi makatingin nang diretso si Ben kay Alex.*

BEN: Actually, pumunta ko dito para magpatulong.

ALEX: Saan?

BEN: Sa article.

ALEX: *(matatawa)* Putangina; Wala akong alam sa sulat-sulat na yan.

BEN: Marami kang alam na 'di ko alam.

*Mapapaisip si Alex, "Ano ibig niyang sabihin?"Pakikiramdaman ni Alex kung saan papunta ang punto ni Ben.*

ALEX: Sa jazz?

BEN: Isa na yun, siguro.

ALEX: *(ngingiti)* Mag-Internet ka na lang. 'Di mo 'ko kailangan diyan.

BEN: Actually, hindi naman tungkol sa jazz ang gusto kong isulat.

ALEX: O? Tungkol saan?

BEN: Ibang bagay, p're. Yung hindi pinag-uusapan.

*Kakabahan si Alex sa sinabi ni Ben. Gagawa siya ng dahilan para makaiwas; uubusin ni Alex ang alak sa baso niya at tatayo, pupunta sa likod ng bar para dagdagan ng yelo ang baso.*

ALEX: Ano na naman yan?

BEN: Sus, Alex. Alam mo kung ano ibig kong sabihin.

ALEX: Pare, kung hindi pinag-uusapan, baka hindi dapat pag-usapan.

*Pag-iisipan ni Ben ang sinabi ni Alex at babalik si Ben sa lamesa.*

*Mula sa bar counter, dadalhin ni Alex ang isang ice bucket sa lamesa at lalagyan niya ng yelo ang baso ni Ben.*

*Pag upo ni Alex, kukunin niya ang bote ng vodka at dahan-dahang lalagyan ang baso ni Ben.*

ALEX: Alam mo, uminom ka na lang. Puro ka chismis e.

BEN: Marami kasi akong narinig.

ALEX: Ingat ka sa mga naririnig mo. Maraming fake news ngayon-

BEN: May narinig akong "fake news" na ginalaw daw ni Dad mga estudyante niya.

*Hindi sasagot si Alex. Kukunin ni Alex ang baso niya at pupuwesto sa likod ng bar counter.*

BEN: Totoo ba?

ALEX: Estudyante ka rin niya, 'di ba? Nagalaw ka ba?

BEN. Ako, hindi.

*Saglit.*

BEN: Ikaw?

ALEX: Hindi naman kami close ng erpat mo, pre. Bakit sakin mo tinatanong yan?

*Lalapit si Ben sa bar counter at uupo sa bar stool.*

BEN: Lex, naalala mo yung suicide note ni Mike?

ALEX: Tangina, anong suicide note?

BEN: Sinabi ni Mike na-rape daw siya, pero wala siyang sinabi kung sino gumawa.

ALEX: Ang tagal na nun. Hindi na natin kailangan pag-usapan yun.

BEN: Gusto ko lang malaman kung totoo.

ALEX: Ngayon mo talaga gustong pag-usapan yan?

BEN: Kasi nga, walang pangalan, so gusto ko lang malaman-

ALEX: Ikaw, p're? Ano sa tingin mo?

BEN: Hindi ko alam! Hindi ko alam!

*Matagal na katahimikan.*

BEN: Dinalaw ko siya minsan si Dad sa home. Medyo malala na yung Alzheimer's niya nun. Dinala siya sa 'kin nung ward. Inupo siya sa harap ko.

*(saglit)* Ang tagal niyang tahimik. 'Di niya ko makilala. Paulit-ulit ako, "Kilala mo ba ko? Kilala mo ba ko?" 'Di siya sumasagot. Nakangiti lang siya.

*(saglit)* Maya-maya, sabi niya, "Mike."

*(saglit)* Tapos nanginginig siya... Nakatingin siya sa 'kin tapos akala ko nanginginig siya. Tumayo ako para tawagin yung ward, tapos nakita ko bukas pantalon niya.

*(saglit)* Tapos.... Tapos ano-

ALEX: P're, tama na. Wag mo na tuloy yang kuwento mo. Hindi ko naman kailangan marinig yan.

*(iiling)* "Rest in peace" na tatay mo. Bitiw na, p're.

BEN: Nakita ko kayo.

*Matagal na katahimikan.*

BEN: Kayo ni Dad; nakita ko kayo.

*Hindi sasagot si Alex.*

BEN: Pare, anong nangyari?

*Lalapit si Alex kay Ben para magpaliwanag.*

ALEX: Alam mo, Ben?

*Pero imbis na magpaliwanag, magbabago ang isip ni Alex.*

ALEX: Alam mo... 'Tang ina mo. Mawawala ka ng isang dekada, tapos putangina pagbalik mo yan ang gusto mong pag-usapan? Putang ina mo.

*Babalik si Alex sa lamesa at magbubuhos ng alak sa sariling baso na parang nag-desisyong uminom na lang mag-isa.*

BEN: May alam ka ba tungkol doon?

ALEX: Bakit 'di mo tanungin nanay mo? Baka siya may alam.

BEN: Anong kinalaman niya dito?

ALEX: Naghiwalay sila pagkatapos ng burol ni Mike, 'di ba?

*(saglit)* 'Di mo ba natanong kung bakit?

BEN: Lagi naman silang nag-aaway nun... Tingin mo alam ni Mama lahat yun?

ALEX: Sa isang bahay sila nakatira! Kung may nakakaalam kung ano nangyayari, nanay mo yun!

BEN: Hindi naman nagsasalita yun; kahit dati wala akong narinig doon. Kaya nga sa iba ko tinatanong e... Wala na kasi ako nun e. Umalis ako for school, tapos nag-dorm na ko nun-

ALEX: Umalis ka kasi nakita mo siyang kasama si Mike, tama?

BEN: P're, hindi si Mike ang nakita ko. Naiwan ko yung music sheets ko sa piano room. Magkatabi kayo ni Dad, tapos yung kamay niya nasa loob ng t-shirt mo, sa may likod-

ALEX: Kamay sa likod? Hindi rape yun; wala lang yun. Tatlong dekada na nakalipas, Ben. Baka mali lang naaalala mo!

BEN: Hindi, p're. Sure ako. Ikaw ang nakita ko.

ALEX: So, anong ginawa mo? Nanood?

BEN: Pare, alam ko... Alam ko na dapat may ginawa ako. Pero ano gagawin ko, p're? Dapat ba kinausap ko siya? Paano?

*(mapanuya)* "Hey Dad, kung okay lang naman, sana wag mo hipuan mga kaibigan ko?"

ALEX: Oo! Yun man lang sana nagawa mo!

*Matagal na katahimikan.*

ALEX: Baka naman wala kang sinabi kasi inisip mo baka hindi ka matanggap sa magandang school kung child molester ang tatay mo?

BEN: Walang kinalaman yun!

ALEX: So, bakit? Bakit hindi ka nagsumbong?

BEN: Bakit si Mike hindi nagsumbong?

ALEX: Bakit ako tinatanong mo? Ako ba si Mike?

BEN: Gusto ko kasing maintindihan-

ALEX: *(maiirita)* Ano gusto mong gawin natin? Gusto mo puntahan natin yung nitso ni Mike? Ano? Tanungin natin yung bangkay niya? Tangina, p're, baka sumagot yun, mag-panic ka!

BEN: Bakit bumalik si Mike?

ALEX: Bakit ba paulit-ulit mong tinatanong yan?

BEN: Twice a week ang piano lessons niya; ten sessions over five weeks. Kung may nangyayari nga na ganon, paano niya na-kumpleto yun,?

*Mapapatayo si Alex sa galit.*

ALEX: *(pasigaw)* Pag-isipan mo! Pag-isipan mo! Baka hindi niya alam gagawin niya! Pag sinabi niya kasing ayaw na niyang bumalik, itatanong ng magulang niya kung bakit, 'di ba? Teenager yun, p're, 14-years-old. Kung 14 ka, paano mo ipaliliwanag na ginalaw ka ng music teacher mo?

*(saglit)* Malamang linggo-linggo nagdadasal siya na sana last na yun; na sana hindi na umulit. Baka natatakot siya, o nahihiya, kasi 14-years-old lang siya, at hindi niya pa naiintindihan yun!

*Iinom si Alex ng malaking lagok ng vodka.*

ALEX: Imagine mo, p're. Imagine mo kung paano niya sasabihin sa tatay niya yun...

*(saglit)* "'Tay, ayoko na mag piano lessons kasi si Teacher, tinanggal pantalon ko, tapos... Tapos..." Tangina! Ako nga mismo, ang tanda ko na, hindi ko pa rin masabi e!

*(saglit)* Kaya 'di mo puwede sisihin si Mike, p're. O kahit sino sa kanila; wala kang puwedeng sisihin kung 'di ang taong gumawa nun sa kanila.

BEN: So, paano? Hayaan na lang ba natin? Walang mananagot?

ALEX: Patay na si Mike! Patay na tatay mo! Ano pa ba gusto mong mangyari?

*Matagal na katahimikan.*

ALEX: Alam mo, p're, pakiramdam ko, kinakain ka lang ng kunsensiya mo, kasi alam mong nangyayari yun-

*Mapapatayo si Ben at haharapin si Alex.*

BEN: Paano ko malalaman? Paano ako makakasigurado? Hanggang ngayon nga 'di ko pa rin alam kung ano talaga nangyari!

ALEX: Imposibleng hindi mo alam!

BEN: Hindi ko nga alam, *(pasigaw)* putang ina, kaya nga kita tinatanong!

*Magugulat si Ben sa pagtaas ng sariling boses at mapapatalikod sa hiya.*

*Kukunin ni Alex ang baso ni Ben mula sa lamesa, aakbay sa kaibigan, at ibibigay ang shot niya.*

*Babalik si Alex sa likod ng bar para magligpit.*

*Si Ben nama'y uupong muli sa lamesa.*

*Magpapatugtog si Ben ng kanta gamit ang cellphone para suyuin si Alex; isang kantang matagal nang sinulat ni Alex.*

ALEX: Puta, Ben. Saang baul mo naman nahanap 'yan?

BEN: Ang ganda ng kanta, ah? Sino kaya sumulat nito?

ALEX: Tangina mo.

BEN: Pare, favorite ko yan sa lahat ng mga gawa mo.

ALEX: Patayin mo nga yan.

BEN: Pag ginawa mong score 'to, mananalo ka rin ng Gawad Urian.

ALEX: Gago! Patayin mo na yan!

*Itutuloy lang ni Ben ang pakikinig sa kanta ni Alex.*

ALEX: Ben, Mandela Effect!

*Hindi siya papansinin ni Ben.*

*Papatayin ni Alex ang kanta.*

BEN: O, ba't mo pinatay?

ALEX: Pare, Mandela Effect. Narinig mo na yun?

BEN: Ano yun?

ALEX: Kilala mo si Nelson Mandela?

BEN: Oo. Anong kinalaman ni Mandela dito?

ALEX: May napanood akong video sa YouTube tungkol sa "Mandela Effect." Tungkol 'to sa maraming taong naniniwala na may "false memories" sila ng nakaraan.

BEN: Wala akong "false memories."

ALEX: Yun din sabi nila.

BEN: Sinong "sila?"

ALEX: Maraming tao ang iniisip na si Mandela namatay nung 80s. May memories daw sila tungkol dun.

BEN: Oo nga, nung 80s. Tapos?

ALEX: Libo-libong tao ang nagsasabi na may memories daw sila ng pagkamatay ni Mandela, dahil sa pagkakakulong niya nung 80s. Yung iba nga naaalala pa pati mga news articles, speech ng mga celebrity, pati televised funeral.

BEN: Oo. Naalala ko yun.

ALEX: Tapos ito yung weird, pare. Ayon sa history records natin, walang nangyari dun, kasi hindi naman nung 80s namatay si Mandela. 2013 siya namatay.

BEN: *(magtataka)* Ha? Ulol.

ALEX: Oo nga! Sige. Check mo!

*Kukunin ni Ben ang phone at hahanapin kung kailan namatay si Mandela.*

BEN: 2013 nga.

ALEX: O, sabi sayo e.

BEN: Ano ba yung point mo?

ALEX: Isa ko dun, p're. Naaalala kong namatay si Mandela. May report pa sa TV Patrol. Naaalala ko lahat.

BEN: So, sinasabi mo may "false memories" ako?

ALEX: P're, ang sinasabi ko, hindi tayo puwedeng magtiwala sa memories.

*(saglit)* Nung minsan may napanood akong conspiracy theory na ang false memories daw nangyayari dahil sa mga parallel universe na nagbabanggaan, tapos yung mga memories natin, naghahalo sa isang universe.

*(ngingiti)* Pucha, ang wild 'no?

BEN: Hindi ko talaga maintindihan.

ALEX: Ganito. 'Di ba sinasabi mo nga nakita mo ko sa piano room, kasama ng erpat mo?

BEN: Nakita nga kita.

ALEX: Ang sinasabi ko sayo, p're, baka yung naaalala mong 14-year-old sa piano room, nanggaling sa parallel universe, kasi wala naman akong maalala tungkol dun.

BEN: Hindi ko maintindihan ang punto mo, pre.

ALEX: Ang sinasabi ko, may universe na minolestya si Mike, may universe din na ikaw ang minolestya, at may universe na walang minolestya.

*(saglit)* Pero, kung posibleng magbanggaan at maghalo ang mga parallel universe, pwede tayong magkaroon ng memories ng mga bagay na hindi naman nangyari; kagaya nung naaalala mo sa piano room.

*(saglit)* Kasi, kagaya ng sinabi ko kanina, wala akong naaalala.

*Stage 1: Denial*

*"So, ang sinasabi ni Alex, hindi nangyari ang naaalala ko?" Yan ang iniisip ni Ben nang sumagot siya.*

BEN: Okay.

*Akala ni Alex nagkaintindihan na sila.*

ALEX: Okay.

*Mahabang katahimikan.*

BEN: Pero, Lex, ako naaalala ko yun, at kailangan kong magsulat tungkol doon.

ALEX: Hindi nila ipu-publish yan.

BEN: Yun ang tamang gawin. Kailangan kong magsulat tungkol kay Mike.

ALEX: Sa tingin mo gusto ni Mike na isulat mo yan?

BEN: *(tuloy-tuloy; sasagasaan ang sunod na linya ni Alex)* Hindi tama e. Ang daming nasaktan, tapos yung mga taong yun mababasa kung saan-saan kung gaano siya kaimportante at ka-inspirational...

ALEX: Schrödinger's Cat!

BEN: ...Tapos yung mukha niya lilitaw sa mga social media nila, tapos sasabihin ng mga tao ang dami niyang kontribusyon sa mga buhay nila. Dapat maging national artist din siya!

ALEX: Ben!

BEN: Ano?

ALEX: Alam mo ba yung Schrödinger's Cat?

BEN: Oo. Yun yung pusang patay at buhay at the same time.

ALEX: Mismo! Minsan ginagawa ko 'yang thought experiment.

*(saglit)* Imagine mo Schrödinger's Cat, pero imbis na pusa, si Mike yung nasa kahon.

*Mabilis ang paliwanag ni Alex; parang isang taong sinusubukang lumakad sa ibabaw ng nagbabagang uling nang hindi nasusunog ang mga talampakan.*

ALEX: *(mabilis)* Wala naman tayo dun sa kuwartong yun. Hindi naman natin alam kung ano nangyari kay Mike. At hangga't hindi natin alam , yung pagkatao ni Mike nasa limbo; sa isang double-reality kung saan, simultaneously, na-molestya siya at hindi. Sinasabi ko sayo, p're. Tayo mismo, tayong dalawa, nasa Limbo tayo.

BEN: Bakit tayo nasa limbo?

ALEX: *(mabilis)* Nasa limbo tayo, kasi hindi mo alam kung ano dapat mong sabihin, o kung paano ka kikilos, kasi hindi ka sigurado kung nangyari yun sa 'kin. Tapos, pag sigurado ka na, pag alam na natin kung buhay ba o patay ang pusa, alam natin pareho, lahat

magbabago. Tama, Ben? Tapos, ano? Hindi mo na ko aasarin? Hindi na tayo magbibiruan? Bakit? Kasi ang gusto mo na lang sabihin paulit-ulit, “Sorry. Minolestya ka ng tatay ko.”

*Matatahimik si Ben; maninigas. Para siyang natutukan ng baril na puputok sa oras na kumilos niya.*

ALEX: O? Anyare? Awkward ba p’re?

*Mabagal ang paliwanag ni Alex. Gusto niyang maintindihan nang mabuti ni Ben ang punto niya.*

ALEX: Imagine mo yang awkward shit na nararamdaman mo; itong awkward tension ngayon, tapos multiply mo ng one thousand.

*(saglit)* Yan ang bullshit na ipaparamdam mo sa lahat ng naging estudyante ng erpat mo, pati na rin sa lahat ng mahal nila sa buhay.

*(saglit)* Lahat sila kakaladkarin mo sa limbo. Lahat sila titignan ng mga tao, tapos iisipin nila, “Pati kaya siya?”

BEN: So, natatakot ka na manghula sila’t magbintang kung sino ang namolestya’t hindi? Naiintindihan ko yun. Kaya nga natin sasabihin ang totoo ‘di ba; para wala nang hulaan?

*(saglit)* Sabihin mo na lang kasi sa 'kin, p're. Ano ba nangyari?

*Matatawa si Alex. Patuloy niyang iiwasan – o itatago – ang katotohanang pilit na hinahanap ni Ben.*

ALEX: Okay. Ganito. Sabihin natin na kunyari totoo yang sinasabi mo. Sabihin natin na lahat nga ng batang tinuruan ng tatay mo, ginalaw niya. Ano magagawa ng article mo tungkol dun?

BEN: Hustisya, pare!

ALEX: Hustisya, wow! *(matatawa)* Hustisya para kanino?

*(saglit)* Ano gagawin nila? Huhukayin nila bangkay ng tatay mo, tapos ikukulong?

*(saglit)* Hindi siya yung mahihirapan dun. Ang mahihirapan e yung mga naging estudyante niya. Ang masasaktan e yung mga mahal nila sa buhay. Lahat sila mapapahiya!

BEN: Bakit sila yung mahihiya, e hindi naman sila yung may kasalanan?

*Stage 2: Anger*

*Lalabas ang frustration ni Alex dahil hindi maintindihan ni Ben kung saan siya nanggagaling.*

*Mabilis ang paliwanag ni Alex; parang mga bala ng M16 rifle na nakatutok sa masugid na kalaban.*

ALEX: *(galit)* P're hindi ganon ka-simple ang mundo! Alam natin na hindi ang biktima ang may kasalanan, pero isipin mo naman... Isipin mo ini-idolo ka ng anak mo; iniisip niya matapang ka o matalino, tapos mababalitaan niya, na-rape ka?

*(pasigaw)* Paano mo sasabihin sa asawa't anak mo na kaya mo silang ipagtanggol, kung pati sarili mo hindi mo kayang ipagtanggol! Putangina, pare, mga babae nga nahihiyang umamin na may nangyari sa kanila e! Tapos paaaminin mo mga lalaking may mga anak, may mga pamilya? Sira ba ulo mo?

BEN: Pero paano si Mike?

ALEX: Patay na si Mike!

*(saglit)* Tsaka, sa tingin mo, p're, kung buhay si Mike ngayon, ano kaya ang nangyari sa kanya, ha?

*(saglit)* Kung nandito si Mike ngayon, baka pumunta rin siya sa abogado at nasabihang, "Sir, lampas na tayo sa statute of limitations."

*(saglit)* O kaya may sasabihan siyang kala niya kaibigan pero ang itatanong sa kanya, "Bakit 'di ka sumigaw, o lumaban, o nagsumbong? Putangina, bakit ka bumalik?"

BEN: Pero hindi ba importante na ilabas natin 'to, para malaman ng mga tao na nangyayari 'tong shit na 'to, at kailangan natin tulungan ang mga biktima?

ALEX: P're naiintindihan mo ba kung ano ang rape?

*Matagal na katahimikan.*

BEN: Hindi. Hindi ko pa siya naiintindihan... Pero gusto kong maintindihan.

ALEX: Para saan? Para may isusulat ka sa article mo?

BEN: Para alam ko kung saan ako lulugar, Lex!

*Stage 3: Bargaining*

*"Baka pag pinaliwanag ko kung ano ang rape kay Ben, itigil na niya ang plano niya?" Yan ang iniisip ni Alex nang mag-desisyon siyang ikuwento ang karanasan niya.*

ALEX: Sige, pag-usapan natin. Gusto mong maintindihan? Bigyan kitang sample.

*(saglit)* Nung college ako, may roomate ako sa dorm. Ilang semesters kaming magkasama. Mabait siya. Minsan nga siya pa gumagawa ng homework ko sa algebra.

*(saglit)* Tapos, isang araw, umamin siyang may gusto siya sa 'kin. Sabi ko agad, "Bro, straight ako." 'Di naman siya nagpumilit.

*(saglit)* Pero nung gabi, hindi ako makatulog. Meron kasing bullshit sa utak ko na nagsasabi sa 'kin na pumatol ako dapat sa roomate ko, kasi mas "deserving" naman siya kesa dun sa dating hinayaan kong gumalaw sa 'kin.

*(saglit)* Pinuntahan ko siya sa kama niya, ginising ko, tapos pinahawak ko ari ko. Pagtapos, natulog lang ako ulit. Kinabukasan, parang walang nangyari. Tapos hindi na namin pinag-usapan ulit.

*(saglit)* Alam kong walang kinalaman sa desire, o intimacy, o romance yun. Meron lang parang multo sa isip ko na paulit-ulit bumubulong sa 'kin na yun ang tamang gawin, kasi sa erpat mo nga pumayag ako e.

*(saglit)* Alam ko na sobrang maling logic; walang logic yun. Kabobohan, 'di ba? Ang tanga ko, 'di ba? Kaya yung mga ganyang bagay hindi dapat pinag-uusapan, kasi, puta, p're, paano mo isusulat yung shit na yan sa article mo?

*Matagal na katahimikan.*

ALEX: Ben, habang gigil na gigil kang ipahiya ang erpat mo, hindi mo yata naiintindihan... Hindi mo naiintindihan na para sakin, ang pakiramdam, gigil na gigil kang ipahiya ako.

*Sa pag-amin ni Alex, mapapaamin din si Ben.*

BEN: Hindi, pre. Hindi ganon...

*(saglit)* Pakiramdam ko kasi kailangan kong gawin 'to. Kailangan kong gawin 'to, kasi nahihiya ako. Hiyang-hiya ako sa mga biktima niya.

*(maluluha)* Nahihiya ako kasi hindi ko siya kayang kamuhian! Kahit alam ko ang ginawa niya sa inyo, nirerespeto ko pa rin siya. Hinahangaan ko pa rin siya. Alam kong child molester siya, pero mahal ko pa rin siya, putangina niya!

*(mauutal)* Sinusubukan ko... Sinusubukan kong magalit, pero... Pero...

*(saglit)* Ganito. Hindi ko siya kayang kamuhian, pero ang ibang tao kaya yun, kaya gusto ko siyang ipahiya, pre. Gusto kong burahin lahat ng magagandang alaala ng lahat ng tao sa kanya, kasi hindi ko siya mapapatawad dahil tinuruan niya kami ng nanay ko magmahal ng demonyo. Putangina, pare, demonyo yung tatay ko. Pero bakit hindi ko siya kayang kamuhian?

*(saglit)* Alam mo, p're, naghanda pa 'ko bago 'ko pumunta dito. Pilit kong tinuturuan ang sarili kong maniwala sa kung anumang sasabihin mo tungkol sa tatay ko.

*(saglit)* Pero alam ko sa sarili ko, pag nakauwi na 'ko, pag mag-isa na lang ako sa bahay, walang tigil ang utak kong maghahanap ng palusot, ng dahilan, ng rason kung bakit wala siyang kasalanan.

*(saglit)* Gusto kong isulat kung gaano siya kasamang tao, para isang araw, pag paulit-ulit kong nabasa ang mga pinag-gagawa niya,

matutunan kong tanggapin na ang tatay na minahal ko, at ang halimaw na nanakit sa inyo, ay iisang tao.

*Matagal na katahimikan.*

*Lalagyan ni Alex ng vodka ang baso ni Ben; muli siyang magtatago sa likod ng biro.*

ALEX: *(pabiro)* Alam mo, p're, ang dami mong daddy issues.

BEN: Gago!

ALEX: *(matatawa)* Tangina mo, ako yung na-molest e. Ba't ikaw yung may drama?

*(saglit)* Kung ginagawa mo yan para lang gumanti sa erpat mo, wag mo na ituloy, pre. Kahit ano pang ganda niyang article mo, bubuklatin mo lang ang mga sugat na nagsisimula pa lang maghilom.

*(saglit)* Ang hirap pag-usapan nito e. Mahirap 'to para sa mga nagdaan dito, pre. Wag mo na ipaulit ang mga detalye ng pinagdaanan nilang bangungot. Mahirap kasing ipaintindi sayo e.

BEN: *(makikiusap)* Tulungan mo kong maintindihan.

*Dahil sa pakiusap ng kaibigan, mag-iisip si Alex.*

*Magdedesisyon siyang hubarin ang maskara ng machismo.*

ALEX: *(tatango)* Sige.

*Stage 4: Depression*

*Dahil hindi maipaliwanag sa salita ang bitbit na kadiliman ng alaala ng gahasa, ipapakita ni Alex ang mga markang naiwan sa kanya.*

ALEX: Alam mo ba na kinikiliti niya sila?

*Iiling si Ben.*

ALEX: Pag may ginagalaw siya, kinikiliti niya. Ginagawa niya yun para isipin ng mga tao sa bahay n'yo na nakikipaglaro lang siya sa mga bata.

*(saglit)* Hanggang ngayon, p're, takot ako sa tunog na yun. Minsan naglalaro kami ng anak ko, matatawa siya tapos bigla akong kakabahan; tapos parang nahihilo ako, nahihirapan huminga. Sabi ng doktor, "panic attack."

*(iiling; maluluha)* Isipin mo, pre. Nagkaka-panic attack ako sa tawa ng sarili kong anak. Paano mo isusulat yun nang hindi ako nagmumukhang tanga, ha?

*Iinom si Alex ng shot ng vodka.*

ALEX: Pag sinulat mo ba yang article mo, mawawala na lahat yun?

*Mahabang katahimikan.*

ALEX: Nung bata ako, gusto kong maging matapang, gusto ko siyang tumigil, gusto ko siyang mahuli, pero wala akong ginawa.

*(saglit)* Nung nabalitaan ko yung nangyari kay Mike, na-guilty ako, kasi kung sinumbong ko siya, kung naging matapang ako, baka buhay pa si Mike ngayon.

BEN: Wala kang kasalanan d'un, p're. Siya lahat yun.

ALEX: Pero wala na siya e... *(ituturo ang sariling dibdib)* Dapat wala na rin 'to, 'di ba? Dapat wala na 'tong nararamdaman ko.

*Mahabang katahimikan.*

*Hihinga nang malalim si Alex; kakalma.*

ALEX: Alam mo ba kung bakit ako pumunta sa libing niya, ha? Pumunta ko doon kasi gusto kong bitawan lahat ng galit at lungkot na ‘to; gusto kong ibalik sa libingan niya, kasama ng bangkay niya, lahat ng galit na iniwan niya sa ’kin.

*(saglit)* Pero tapos na ang libing, at madalas nandito pa rin ako, nakaupo rito, umiinom, nanginginig sa galit, tapos hindi ko naman maipaliwanag kung bakit.

*(matatawa)* Baka kaya paborito ko yung fermata.

*(saglit)* Nangangarap kasi ako na isang araw, pag tingin ko sa salamin, may lilitaw na simbulo sa ulo ko na magsasabing puwede akong kumapit o bumitaw.

*(saglit)* Pero hindi naman ganon e. Kahit ilang beses akong mag-imbento ng nakaraan sa isip ko, kahit ilang parallel universe pa idamay ko, merong galit at sakit na sumusunod sa ’kin na parang anino.

*(saglit)* Kung ano man yang bitbit mo, magaan yan. Ilang taon na naming bitbit ang bagahe namin. Makisama ka naman, p’re. Putang ina, magbuhat ka rin.

BEN: Pero ano sasabihin ko sa kanila; sa mga biktima?

ALEX: Sabihin mo na kung gusto nilang pag-usapan, makikinig ka. Pag deins, okay lang din. Hindi nila kailangan magkwento. Sabihin mo na gusto mo lang siguraduhin na okay sila. Putangina, pare, magpakita ka lang; yun lang.

*(saglit)* Wag mo nang itanong kung bakit walang nagsumbong, o kung bakit walang sumigaw...

*(saglit)* Alam natin ang sagot dun; simple lang ang sagot dun.

*(saglit)* Pare, lalaki tayo! Lalaki tayo! At iba ang panahon nun.

*(matatawa)* Isipin mo p're, ha? Paano ka magsasalita, kung araw-araw maririnig mo kung saan-saan na babae lang ang umiiyak, babae lang ang nagsusumbong, at babae lang ang ginagahasa.

BEN: *(iiling)* Hindi nga dapat ganon. Hindi na dapat ganon e.

*Iiling lang si Alex; hindi sasagot.*

*Kukunin ni Alex ang isang bote ng alak.*

ALEX: *(tititigan ang hawak na bote)* Ito! Ito ang meron tayo. Gusto mong umiyak? Alak! Gusto mong magsumbong? Alak! Ito lang ang puwede sa 'tin noon e!

*(saglit)* Ang babae, umiiyak; ang lalaki, umiinom.

*Maglalagay si Alex ng alak sa sariling baso at iinumin.*

ALEX: *(matatawa)* Bullshit, 'no? Kagaguhan, pre. Kagaguhan, pero lahat tayo nagpagago sa macho-macho bullshit natin, at lahat tayo nahirapan.

ALEX: Pre, ang bunso ko lalaki.

*(saglit)* Putangina, pare, sinasabi ko sayo. Pag pinanganak na 'tong bunso ko, lahat 'to magbabago.

*(tatango; sasabihin ang mga susunod na linya na parang kinukumbinse ang sarili)* Oo. Lahat 'to magbabago.

*Stage 5: Acceptance*

*Para kay Alex, huli na para maghanap ng hustisya para sa mga pinag-daanan niya.*

*Naniniwala siyang ang kaya niya na lang gawin ay siguraduhing hindi mangyayari sa anak niya, ang nangyari sa kanya.*

*Kukunin si Alex ng bote ng vodka at lalagyan ang baso ni Ben.*

ALEX: Shot mo na, p're.

*Lilipat sa bar counter si Alex para bigyan ng espasyo si Ben para mai-proseso ang mga napag-usapan nila.*

*Kukunin ni Ben ang baso at tititigan ito; pag-iisipan kung kaya niyang lunukin ang gustong mangyari ni Alex.*

*Dahan-dahang magdidilim ang entablado.*

*Telon.*